

## Food innovation hub sa Tuguegarao, inilunsad ng DOST

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**I**nilunsad kamakailan ng Department of Science and Technology Regional Office II (DOST II) ang Food Innovation Center (FIC) kasabay ng pagdiriwang ng Northern Luzon Cluster Fair sa Cagayan State University- Carig Campus, Tuguegarao City, Cagayan. Layon ng FIC na palakasin ang agriculture-based economy ng rehiyon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng ayuda sa industriya ng food processing.

Tampok sa FIC ang mga locally developed food technology equipment na ayon sa pangangailangan ng lokal na industriya. Kabilang dito ang vertical fill form seal na ginagamit sa pagsasapakete ng mga food-based na produkto; vacuum packaging para sa mga karne at dried fruit na produkto; freeze dryer na ginagamit upang matanggal ang mga tubig sa isang food product na hindi kinakailangan ng init at vacuum fryer.

Kasama rin sa mga kagamitan ang water retort para sa sterilization ng mga babasaging bote maging ang mga PET o polyethylene Therephthalate na botelya; spray dryer na ginagamit sa paggawa ng mga pinulbos na mga produkto; pulverizer/grinder na ginagamit sa paggiling ng mga mais, bigas, mani at iba pa; deep fryer para sa pagprito ng mga chip, chicharon, at fries; dough mixer; noodle maker; noodle cutter; at single-screw extruder na ginagamit naman para sa mga cereals.

Ayon kay DOST II Regional Director Dr. Urduja Tejada, na panahon na upang madagdagan ang halaga ng mga pananim na inaani sa rehiyon sa pamamagitan ng pagproseso at tamang development sa mga produkto.

Positibo ring inihayag ni Dir. Tejada na sa pagkakaroon ng FIC ay maraming bagong produkto ang lalabas sa Cagayan Valley sapagkat maliban sa mga kagamitan, ang Center ay nagsisilbi ring research and testing laboratory. Ito ay nagbibigay din ng mga serbisyong

sundan sa pahina 3



## S&T Post magazine ng DOST, nasa tablet na

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**U**pang maabot ang malaking bahagi ng publiko, ang Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) ay inilunsad kamakailan ang S&T Post e-Magazine—ang opisyal na news magazine ng DOST—na maaari nang madowload gamit ang mga IOS gadget sa pamamagitan ng Apple Newstand.

Maliban sa mga pinakahuling balita sa programa ng DOST, teknolohiya, serbisyo, at mga pag-aaral, ang S&T Post ay naglalaman din ng iba't ibang impormasyon mula sa mga kilalang dalubhasa ng bansa, foreign news sa agham at teknolohiya, maging ang mga movie at book review.

Sa pamamagitan ng e-Magazine ay mas maraming ma-ienganyong kabataan na magbasa at magkaroon ng interest sa agham at teknolohiya.

"This e-Magazine is a breakthrough for us," wika ni DOST Asst. Secretary Raymund

E. Liboro. "This is the first time we've done something like this – to put our articles in a new format such as an e-Magazine."

Ayon kay Neil Everett B. Elpusan, business development manager ng Megamobile Inc., nagbago na ang panlasa ng mga tao sa mga babasahin. Ang Megamobile Inc. ay ang mobile content and applications developer ng S&T Post e-Magazine.

sundan sa pahina 2

### Mga Nilalaman

Crash course para sa mga broadcaster, ikinasa ng DOST ... .p2

Produktong suman ng Calapan, wagi sa MIMAROPA Awards... .p3

Filipino robotics, malayo na ang narating. . . . . p4

Larawanews ... .p4

# Crash course para sa mga broadcaster, ikinasa ng DOST

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**T**uguegarao City- Sumailalim sa isang pagsasanay ang mga mamamahayag mula sa Luzon upang mas paglinangin ang mga kaalaman sa pagbibigay-balita at impormasyon hinggil sa lagay ng panahon kamakailan na ginanap sa Hotel Carmelita, Tuguegarao City, Cagayan.

Pinamagatang "Responsible Weather Reporting," ang pagtitipon ay pinamunuan ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng mga Brodcaster ng Pilipinas (KBP) at Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA). Layun ng nasabing pagtitipon ang maibahagi sa mga mamamahayag ang mga impormasyon hinggil sa lagay ng panahon sa simple at madaling maintindihang terminolohiya.

Napapanahon ang seminar-workshop sapagkat ang bansa ay kasalukuyan nang nakararanas ng mga pag-ulan dulot ng tinatawag na "wet season" na nararanasan sa mga buwan ng Mayo hanggang Oktubre. Ang panahong ito ay nagbibigay ng mga pag-ulan nang hanggang sa 5,000 millimeter o 196.9 pulgada.

Ayon kay DOST-PAGASA Sr. Weather Specialist Sharon Arruejo, "There is no such thing as 'summer' in the Philippines." Paliwanag pa niya na "we have only two seasons, the dry and wet seasons which happen in January to March, and April to December, respectively."

Ibinahagi din ni Arruejo sa mga mamamahayag na nagmula pa sa iba't ibang bahagi ng Luzon ang ilang terminolohiya gaya ng inter-tropical convergence zone, monsoon rain, hale storm, microburst, tropical cyclone, at thunderstorm.

Samantala, ipinaliwanag ni DOST-STII Chief Science Research Specialist Dr. Aristotle Carandang ang kahalagahan ng mayroong malalim na pang-unawa sa lagay ng panahon. Aniya, ang mga mamamahayag ay nagsisilbing



**WEATHER REPORTING SEMINAR.** Pinaunlakan ng mga mamamahayag mula sa Luzon ang "Seminar-workshop on Responsible Weather Reporting" na ginanap noong ika-3 Setyembre sa Hotel Carmelita, Tuguegarao City, Cagayan. Ang nasabing seminar-workshop ay naglalayong linangin ang kaalaman ng mga mamamahayag sa pagbibigay impormasyon hinggil sa lagay ng panahon. Ang nasabing seminar-workshop ay pinangunahan ng DOST-STII at DOST-PAGASA sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng mga Brodcaster ng Pilipinas. (S&T Media Service)

kabalikat ng pamahalaan sa pagbibigay impormasyon sa publiko lalo na kung mayroong paparating na sama ng panahon.

"The media has the responsibility to ensure that the dialogue it builds with the public can lead to a better understanding of the dangers and impact of the hazards so the public can be equipped with the proper information and can prepare accordingly," paliwanag ni Dr. Carandang.

Kanyang binigyang-diin ang pagkakaroon ng tamang impormasyon para sa tamang desisyon ng publiko kung mayroong kalamidad.

Gaganapin naman sa Cebu ang susunod na bahagi ng seminar-workshop sa pagdiriwang ng Visayas Science and Technology Cluster Fair sa Ocktubre at sa Davao City naman sa Nobyembre.



**ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD**  
*Editor-in-Chief*

**JOY M. LAZCANO**  
*Copy Editor*

**JAMES B. INTIA**  
*Layout*

**JUDITH L. SABLAN**  
*Proofreader*

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

S&T Post ...

Mula sa pahina 1

"In 2000, 2 million people accessed the Internet. To date, there are about 36.7 million online users in the Philippines," pagpapatuloy ni Elpusan.

Ibinahagi rin ni Elpusan na sa kasalukuyan ay mayroong 30 milyong gumagamit ng Facebook, habang mayroong 100 milyong Filipino naman ang gumagamit ng mga mobile device gaya ng cellphone at tablet computer. Walumput-isang porsyento naman ay nasa edad na 30 taong gulang pababa.

Sa mga gumagamit ng mga mobile device, 14 porsyento ang gumagamit nito habang sila ay nasa biyahe.

Nais ng pamunuan ng DOST-STII na hikayatin ang mga mag-aaral na magdownload ng S&T Post e-Magazine upang malaman ang pinakahuling mga pagbabago sa agham at teknolohiya sa bansa ngayon.

At sa darating pang taon ay marami pang mga pagbabago ang inaasahang mangyayari hindi lamang sa S&T Post, kung hindi pati na rin sa agham at teknolohiya ng bansa.

## Produktong suman ng Calapan, wagi sa MIMAROPA Awards

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**S**a ikalawang pagkakataon ay muling nasungkit ng Merl's Suman sa Lihya ang parangal bilang pinakamagaling na produkto sa 2nd MIMAROPA Best Technopreneur Award na ginanap sa Calapan City, Mindoro Occidental.

Bago pa man ang nasabing parangal ay nanalo noong buwan ng Hulyo ang Merl's bilang 2014 Best SETUP Adopter award - regional level sa katatapos lamang na 2014 National Science and Technology Week sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Pasay City.

Ang Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP ng Department of Science and Technology, ay isang pambansang programa na tumutulong sa mga small at medium enterprise upang mas mapayabong ang kanilang produksyon sa pamamagitan ng teknolohiya at inobasyon.

Pinarangalan ang Merl's sa pagpupursige nitong mapabuti ang kanyang produksyon sa pamamagitan ng tamang teknolohiya at mga kaalamang kanyang natutunan mula sa DOST. Aniya, ang kanyang tagumpay ay nagbuhat sa kanyang pagsisikap at ang tulong mula sa SETUP.

Ang DOST-SETUP ay nagbigay ng mga kaukulang packaging at labeling design para sa mga produkto ng Merl's. ang Merl's ay binigyan din ng mga pagsasanay para sa Good Manufacturing Practices at Hazard Analysis and Critical Control Points, pagpapahusay ng proseso sa pagluluto ng suman, pagpapahusay ng paglalagat ng coco jam sa mga produktong



Ang magkabayak sa hanap-buhay na sina Merlita at Ferdinand Bolus ng Merl's Native Delicacies ang nagwagi sa 2nd MIMAROPA Best Technopreneur Awards ng DOST Regional Office 4B bilang pinakamahusay na micro, small, and medium enterprise technology adopter sa ikalawang sunod na taon. Kasama rin sa larawan ay sina DOST MIMAROPA Director Josefina Abilay (kaliwa), Mindoro Oriental 2nd District Representative Reynaldo Umali (pang-apat mula kaliwa), and DOST Provincial Director Jesse Pine (kanan).

suman, nutritional analysis, cleaner production technology consultation, at plant production layout.

Dahil dito, lumago ang negosyo ng mag-asawang Merlita at Ferdinand Bolus ng 325 porsyento o mula 800 na piraso ng mga suman ay naggig 3,400 na piraso ang nagagawa ng Merl's kada araw. Dagdag pa ni G. Merlita Bolus, ang kanyang negosyo ay kumikita na ng P1.81 milyon mula sa P462,000 at nakapagbibigay ng trabaho sa may 80 empleyado sa kasalukuyan.

Kaya naman ang produkto ng Merl's ay hindi na lamang sa Calapan mabibili kundi ito

ay mayroon nang mga distributor sa National Capital Region at Southern Luzon.

Inamin naman ni G. Bolus na ang tagumpay na kanyang nalalasap ngayon ay hindi niya maaabot kung walang tulong ng Diyos at nang DOST-SETUP.

Samantala, nais naman ni DOST IV-B Regional Director Josefina Abilay na patuloy pang yumabong ang nasabing parangal upang mas marami pang mga maliit na mamumuhunan ang makilala hindi lamang sa probinsya kundi pati na rin sa buong bansa. "I hope this would promote excellence among MIMAROPA's SMEs," pagtatapos ni Dr. Abilay.

### Food innovation ...

#### Mula sa pahina 1

technology information system, mga training, consultancy at packaging and labeling.

Nabanggit din sa nasabing paglulunsad ang banana chip na isa sa mga pangunahing produkto sa rehiyon. Ani Dir. Tejada—sa pamamagitan ng center, ang simpleng pambalot ng banana chip na plastic at papel na pina-photocopy ay maaari nang magkaroon ng matibay, mas maganda at mas malinis na produkto. "The product can also undergo shelf-life testing, nutritional labeling, food quality and safety testing," paliwanag niya.

Ang FIC ay ang kauna-unahan sa Luzon at ikalawa naman sa buong bansa. Ang kauna-unahan ay nasa Davao City na inilunsad noong Mayo. Samantala, isa pang center ang nakatakang itayo sa rehiyon ng Visayas. (S&T Media Service, DOST-STII)



Magkasamang tinikman nina TAPI Director Edgar I. Garcia, CSU President Romeo A. Quilang, at Vice Mayor Engelbert C. Caronan ang mga paunang produkto mula sa vacuum fryer ng FIC na piniritong okra at patatas. Ang FIC ay ang kauna-unahang center sa Luzon na nagtataglay ng mga lokal na teknolohiya sa food processing. (S&T Media Service)

# Filipino robotics, malayo na ang narating

Ni Allan Mauro V. Marfal  
S&T Media Service, DOST-STII

**M**alayo na ang narating ng mga Filipino sa larangan ng robotics, yan ang may paghangang pahayag ni Department of Science and Technology-Science Education Institute (DOST-SEI) Director Josette P. Biyo matapos masaksihan ang galing ng mga lumahok sa 13th Philippine Robotics Olympiad (PRO) noong 10-12 Setyembre.

Aniya, nakatataba ng puso na makita ang mga mag-aaral mula elementarya at high school na makipagtagisan ng galing sa iba't ibang paaralan sa paglalaro ng soccer gamit ang mga robot.

"In the Philippines, there is a lot of interest and potential [in] robotics. We can mention the winnings we had in both the local and international robotics competition as proofs. We can also highlight the increased participation of schools in various robotics contests as another sign that the field is indeed on the rise," paliwanag ni Dr. Biyo.

Ang PRO ay magkasamang inorganisa ng DOST-SEI at Felta Multimedia, Inc, na naglalayong linangin ang kaisipan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng robotics.

Wika ni Mylene Abiva, pangulo ng Felta Multimedia Inc., "it helps unlock the potential of our kids in science, technology, and engineering as we try to produce more robotics experts for the future."

Ang mga sumusunod ay ang mga nagwagi sa iba't ibang kategorya ng patimpalak:

Para sa Regular Category Elementary level, ang West Rembo Elementary School (Team B) ang nanguna habang sinundan naman ng Bagong Pag-asa Elementary School (Team A) at ikatlo naman ang Naga Central Elementary School.



Sa High School level naman, ang Living Stone International School (Team A) ay nasa ika-unang pwesto, habang ang Pitogo High School (Team A) naman ang pumangalawa at Diliman Preparatory School Commonwealth ang pumangatlo.

Para naman sa Robot Soccer, ang Philippine Science High School Bicol (Team A) ang nanguna habang pumangalawa ang Benigno High School at sinundan naman ng Science and Technology Education Center.

Matiyagaang pinakikinggan ni DOST Usec. Fortunato De la Peña ang pagasarawan ng isang kalahok patungkol sa kakayanan ng kanyang gawang robot. Ayon sa pamunuan ng DOST, mataas na ang kamalayan ng mga kabataang Filipino sa larangan ng Robotics at hinihikayat ng kagawaran na lalong pag-ibayuhin ang mga kasanayang ito sapagkat malaki ang maidudulot nito sa kabataan.

At para naman sa Open Category Elementary level, ang Dr. Yanga College Inc. ang nanguna habang pumangalawa naman ang Grace Christian College at panghuli ang First Robotics Learning Center. Sa High School level naman pangkat mula pa rin sa Dr. Yanga College Inc. ang nanguna at sinundan pa rin ng Grace Christian College habang nasa ikatlong pwesto ang Philippine Science High School Eastern Visayas Campus.

Ang nasabing paligsahan ay magsisilbing paghahanada na rin para sa mga kalahok na makikipagtungalian sa World Robot Olympiad sa Sochi, Russia sa Nobyembre.

Samantala, payo naman ni DOST Undersecretary Fortunato dela Pena na linangin ng mga kabataan ang kaalaman nito sa robotics sapagkat ito ay magbibigay hindi lamang ng kasiyahan sa mga manonood kundi ito ay magbibigay din ng malaking oportunidad para sa mga indibidwal na makakuha ng magandang karera sa larangan ng robotics.

Para sa taong ito, mahigit 40 mula sa pampubliko at pribadong paaralan sa elementarya at high school ang lumahok sa PRO. **(Impormasyon mula kay Marco Melgar, DOST-SEI)**

## LarawaNEWS

**PRODUKTONG GAWANG SIYENSYA.** Magagandang muwebles na gawa mula sa dulo ng kawayan ang bumungad sa mga kalahok ng "Syensaya 2014 Los Baños Science Community: Supporting the Nation in Meeting Global Challenges" na ginanap noong 10 Setyembre sa University of the Philippines Los Baños (UPLB). Ang mga nasabing muwebles at iba pang mga produkto ay ilan lamang sa mga maipagmamalaking produktong gawa ng agham at teknolohiya sa pamamagitan ng Forest Products Research and Development institute at Philippine Council for Agriculture Aquatic and Natural Resources Research and Development ng Department of Science and Technology. (S&T Media Service, DOST-STII)

